Sample* na Mga Tagubilin sa Paghahanda ng CapsoCam Plus®

*Ibinibigay ang mga tagubillin sa mga doktor bilang halimbawa para sa paghahanda ng pasyente na malamang na makakamit ng malinis na maliit na bowel at positibong resulta ng procedure. Dapat isaalang-alang ng doktor ang indibidwal na kundisyon ng bawat pasyente kapag nagrereseta ng mga tagubilin sa paghahanda. Ang mga pasyenteng may alam na isyu sa motilidad (hal., delayed na gastric emptying, gastric retention, madalas na pagkaempatso, mahirap na pag-access sa panahon ng colonoscopy, atbp.) ay maaaring mangailangan ng mas agresibo o binagong paghahanda.

Ang paghahandang ito ay binuo ng mga doktor kasama ng kanilang mga pasyente para makapagkamit ng tatlong pangunahing endpoint: (1) optimal na visualization ng maliit na bowel, (2) pinakamabilis na pagpapasok ng capsule, at (3) pinakamalambot na dumi para mapadali ang pagkuha nang may layuning ma-maximize ang klinikal na resulta ng capsule endoscopy na pag-aaral ng iyong pasyente.

Mga Tagubilin para sa Paghahanda ng Pasyente para sa Capsule Endoscopy gamit ang CapsoCam Plus®

Appointment para sa Pag-inom sa Umaga

*TANDAAN: Kung umiinom ng oral na iron supplement, mangyaring huminto sa loob ng 4 na buong araw bago ang test.

Nakaiskedyul ang iyong Capsule Endoscopy procedure sa: _____

Address: _____

Araw _____ Petsa _____ Oras _____

Araw Bago ang Procedure	
Araw:	Kumain ng karaniwang agahan na sinusundan ng tanghaliang magaan sa tiyan. Pagkatapos, simulan ang clear liquid diet para sa natitirang bahagi ng araw/gabi bago ang procedure. (Huwag uminom ng kahit anong kulay pulang likido).
Araw: Oras: 7:00 pm	Ihalo ang Pitong (7) capful (119 grams) ng Polyethylene glycol (mga brand na MiraLAX®, ClearLax, PureLax, GaviLax, LavaClear) sa 32 oz. ng tubig o non-red electrolyte replacement drink at inumin itong lahat.
Araw: Oras: 9:30 PM	Pagsapit ng 9:30 pm, uminom ng 0.6 ml ng Mylicon® drops na hinalong mabuti sa 8 oz ng tubig. Mababawasan nito ang mga bubble sa GI tract. Huwag nang uminom ng kahit ano paglipas ng 10pm. Pinapayagan ang mga kaunting pag-inom ng tubig kasama ng mga gamot.
Araw ng Procedure	
Araw: Oras: Umaga	Huwag uminom ng mga gamot hanggang 2 oras pagkatapos lunukin ang capsule maliban na lang kung matutukoy ng doktor na kinakailangan ito, pagkatapos ay uminom ng kaunting tubig kasama ng mga gamot.
Araw: Oras:	Dalawang (2) oras bago ang nakaiskedyul na oras ng paglunok ng capsule, maghalo ng 1 capful (17 grams) ng Polyethylene glycol (MiraLax, ClearLax atbp.) sa isang punong baso ng tubig o non-red electrolyte replacement drink. Ang takip ng bote ng Polyethylene glycol ay isang measuring cap na may marka at kayang maglaman ng 17 grams ng powder kapag pinuno hanggang sa nakamarkang linya.
Araw: Oras:	Pagdating sa Opisina/Klinika.
Oras:	**Lunukin ang CapsoCam Plus capsule** kasama ng 0.6 ml ng Mylicon drops sa 8 oz ng tubig.
Oras:	Bumalik sa pag-inom ng mga clear na likido 2 oras pagkatapos lunukin ang capsule.
Oras:	Apat (4) na oras pagkatapos lunukin ang capsule, maghalo ng 17 grams ng Polyethylene glycol (MiraLax, ClearLax atbp.) sa isang punong baso ng tubig o non-red electrolyte replacement drink, inumin itong lahat.
Oras:	Puwede ka nang kumain ng tanghaliang magaan sa tiyan anumang oras pagkatapos mong mainom ang huling dosis ng Polyethylene glycol (MiraLax, ClearLax, atbp.). Mangyaring itala kung ano ang kinain mo para sa tanghalian. _____ Kumain na ng karaniwang hapunan. Wala nang iba pang kinakailangang paghihigpit sa diyeta.

Mahalagang Impormasyon ng Pasyente

- Para makamit ang pinakamaiinam na resulta, mahigpit na sundin ang mga tagubilin. Karaniwang aabutin ng 3-30 oras para mailabas ang capsule. Kung hindi mo mailalabas ang capsule sa loob ng 72 oras pagkatapos itong lunukin, makipag-ugnayan sa iyong doktor.
- Para mapanood ang video ng mga tagubilin sa pag-retrieve, bisitahin ang https://capsovision.com/patient-resources/what-to-expect-with-capsocam/
- Para maiwasan ang pag-uulit ng pag-aaral na ito, mangyaring sumunod sa iyong mga tagubilin sa pag-retrieve hanggang sa ma-retrieve ang capsule. Patuloy na gamitin ang Retrieval Pan na ibinigay hanggang sa ma-retrieve ang capsule.
- Ibalik ang capsule sa iyong doktor gaya ng itinagubilin.

Pagbabalik ng Capsule: 1 sa 2 opsyon na pinili ng iyong Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan

☐ Kung binigyan ka ng pre-labeled na padded na sobre sa iyong take-home kit, ilagay ang capsule sa loob ng lalagyan para rito. Tiyaking nakasara ang lid ng container ng capsule, ilagay ang container sa zip bag at selyuhan ito. Ilagay ang zip bag na naglalaman ng container ng capsule sa loob ng sobre, selyuhan at i-drop ang sobre sa alinmang drop box ng FedEx o sa isang pisikal na lokasyon ng FedEx.

☐ Ilagay ang capsule sa loob ng container para rito. Tiyaking nakasara ang lid ng container ng capsule. Ibalik ang capsule sa opisina ng doktor kapag karaniwang oras ng trabaho.

Mangyaring tawagan ang aming opisina sa: _____
kung mayroon kang anumang tanong.

Pagbili sa Gamot sa Paghahanda

Tandaan: May iba't ibang laki ang Gamot sa Paghahanda: Kapag bumibili ka ng iyong gamot sa paghahanda, tiyaking sapat ito para sa buong paghahanda.

Polyethylene glycol (mga brand na MiraLAX®, ClearLax, PureLax, GaviLax, LavaClear). Bumili ng (mga) container na may espasyong hindi bababa sa 153 grams (malamang na may matitira pa rito).

Mylicon Drops - Pinakamaliit na bote… 1.2 ml lang ang kabuuang kakailanganin mo.